**LESSON 12: ANG PAG-IBIG SA DIYOS**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Kamusta ang prayer life mo? Paano mo ilalarawan ang iyong buhay panalangin?

2. Gaano mo kamahal ang Diyos? Ipaliwanag.

Magtalaga ng magbibigay ng Memory Verse.

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

**1. Marcos 12:29-31**

Sumagot si Jesus, "Ito ang pinakamahalagang utos: 'Pakinggan mo, Israel! Ang Panginoon nating Diyos ang tanging Panginoon. 30Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa, buong pag-iisip at buong lakas.' Ito naman ang pangalawa, 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.' Wala nang ibang utos na hihigit pa sa mga ito."

**2. Juan 14:23-24**

Sumagot si Jesus, "Ang umiibig sa akin ay tumutupad ng aking salita; iibigin siya ng aking Ama, at kami'y tatahan at mananatili sa kanya. Ang hindi tumutupad sa aking mga salita ay hindi umiibig sa akin. Ang salitang narinig ninyo ay hindi sa akin, kundi sa Ama na nagsugo sa akin.

**3. Nehemias 1:5**

"O Panginoon, Diyos ng kalangitan, kayo ay dakila at nanginginig kami sa takot sa inyong presensya. Matapat ninyong tinutupad ang inyong tipan at wagas na pag-ibig sa mga nagmamahal sa inyo at tumutupad ng inyong mga utos.

**4. 1 Juan 5:3**

Sapagkat ang tunay na umiibig sa Diyos ang tumutupad ng kanyang mga utos. Hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.

**5. Exodo 20:3-17 ( ANG SAMPUNG UTOS)**

Huwag kang sasamba sa ibang diyos, maliban sa akin. "Huwag kang gagawa ng imahen ng anu-mang nilalang na nasa langit, nasa lupa, o nasa tubig upang sambahin. "Huwag mo silang yuyukuran ni sasambahin sapagkat akong si Panginoon na iyong Diyos ay mapanibughuing Diyos. Ang kasalanan ng mga magulang ay sinisingil ko sa kanilang mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi. "Ngunit ipinadarama ko ang aking pag-ibig sa libu-libong salinlahi ng mga umiibig sa akin at tumutupad sa aking mga kautusan. "Huwag mong gagamitin sa walang kabuluhan ang pangalan ni Panginoon na iyong Diyos. Tiyak na paparusahan ko ang sinumang gumamit nito nang walang kabuluhan. ""Lagi mong tandaan at ilaan para sa akin ang Araw ng Pamama-hinga. "Anim na araw kang magtatrabaho, at tapusin mo ang dapat gawin. Subalit ang ikapitong araw ay para kay Panginoon na iyong Diyos; ito ay Araw ng Pamamahinga. Sa araw na ito'y huwag magtrabaho ang sinuman sa inyo; kayo, ang inyong mga anak, mga aliping lalaki o babae, ang inyong mga alagang hayop, ni ang mga dayuhang nakikipamayan sa inyo. 11Anim na araw kong nilikha ang langit, ang lupa, ang mga dagat at ang lahat ng nasa mga ito. Ngunit namahinga ako sa ikapitong araw. Kaya't ito'y aking pinagpala at inilaan para sa akin. Igalang mo ang iyong ama at ina. Sa gayo'y mabubuhay ka nang matagal sa lupaing ibinibigay sa inyo ni Panginoon na inyong Diyos. Huwag kang papatay. Huwag kang mangangalunya. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang sasaksi nang walang katotohanan laban sa iyong kapwa. Huwag mong pagnana-saang maangkin ang sambahayan ng iyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alilang lalaki o babae, mga baka, asno o ang anumang pag-aari niya."

**6. Roma 8:28**

Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.

**7. 2 Corinto 5:14-1**

Ang pag-ibig ni Cristo ang naghahari sa amin, sapagkat natitiyak naming may isang namatay para sa lahat, kung kaya't ang lahat ay maibibilang nang patay. Namatay siya para sa lahat upang ang mga nabubuhay ngayon ay huwag nang mabuhay para sa sarili, kundi para kay Cristo na namatay at muling nabuhay para sa kanila.

**IV. MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang pagmamahal sa Diyos ay dapat una sa lahat. Ito ay higit pa sa pagmamahal natin sa ating pamilya, ambisyon, kasiyahan, at personal na buhay.

2. Ang pagmamahal sa Diyos ay ang pagsunod sa kanyang mga utos. Ang hindi marunong sumunod sa Diyos ay hindi totoong nagmamahal sa kanya. Kasama sa mga utos ng Diyos na dapat nating sundin ay ang 10 Utos na ibinigay niya kay Moses.

3. Ang Diyos ay tapat na nagmamahal at tumutupad ng kanyang mga pangako sa mga nagmamahal sa kanya.

4. Maganda ang layunin ng Diyos sa mga nagmamahal sa kanya, kahit na dumanas pa ng pagdurusa, ang Diyos ay hindi kailanman magpapabaya sa kanyang mga anak na nagmamahal sa kanya. Sisiguraduhin ng Diyos na matutupad ang kanyang layunin sa mga taong nagmamahal sa kanya.

5. Ang pag-ibig ni Kristo ang nagtutulak sa atin upang maglingkod sa kanya at ibigay ang ating buhay sa kanya.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo nan ais mong bahaginan ng discipleship lessons. Siguraduhin na mayroon ng 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masisimulan na maturuan.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Marcos 12:30/Roma 8:28

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Ezekiel 3:16-21)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.